*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim

Ika-19 ng Abril, 2025

{ Sabado Santo }

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ay mamatay kasama ng PANGINOON,
Mabubuhay din tayong kasama ang PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ma'y nagtiis kasama ng PANGINOON,
Tayo ri'y maghahari kasama ng PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kalungkutan;
Nasa kanya ang lahat maging ating kagalakan.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kaligtasan;
Nasa kanya ang lahat maging ating pagmamahal.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay

At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

O Kamatayan, sa akin ikaw'y mamamatay; O impiyerno, ikaw ay wawasakin ko.

*Salmo 116:10-19*

*(Pagpapasalamat sa Templo)*

Laging buhay ang pag-asa, patuloy ang pananalig,
Bagama't ang aking sabi'y, "Ako'y ganap nang nalupig."
Bagama't ako'y takot, nasasabi ko kung minsan,
"Wala kahit isang tao na dapat pagtiwalaan."

Sa Diyos ko't PANGINOON, anong aking ihahandog,
Sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?
Ang handog ko sa dambana, ay inumin na masarap,
Bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas.

Sa tuwinang magtitipon ang lahat ng kanyang hirang,
Ang anumang pangako ko, ay doon ko ibibigay.
Masakit sa kalooban ng PANGINOON kung may papanaw,
Kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam.

PANGINOON, naririto akong inyong abang lingkod,
Katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos;
Yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos.
Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat,
Ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak.

Kapag nagsasama-sama ang lahat ng iyong hirang,
Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay
Ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antiponana*

O Kamatayan, sa akin ikaw'y mamamatay; O impiyerno, ikaw ay wawasakin ko.

*Antipona 2*

Kung paanong si Jonas ay tatlong araw at tatlong gabing nasa tiyan ng dambuhalang isda, gayon din ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabing sasailalim ng lupa.

*Salmo 143:1-11*

*(Panalangin sa kapighatian)*

Dinggin mo, O PANGINOON, ang aking dalangin,
Tapat ka't matuwid, kaya ako'y dinggin.
Itong iyong lingkod, h'wag mo nang subukin,
Batid mo nang lahat, kami ay salarin.

Ako ay inusig ng aking kaaway,
At ako ay lubos niyang napipilan;
Sa dilim na dako, ako ay nakulong,
Tulad ko'y patay nang mahabang panahon.
Ako ay handa nang magtaas ng kamay,
Sapagkat wala nang pag-asa ang buhay.

Araw na lumipas, aking nagunita,
At naalaala ang iyong ginawa,
Sa aking isipa'y gumuhit na bigla!
Ako'y dumalangin na taas ang kamay,
Parang tuyong lupa ang diwa kong uhaw.

Nawala nang lahat ang aking pag-asa,
Kaya naman, PANGINOON, ako'y dinggin mo na!
Kung ikaw'y magkubli, baka ang hantungan
Ako ay tanghaling malamig na bangkay,
At ang tunguhin ko'y madilim na hukay.

Ako ay umasa, sa 'yo nagtiwala,
Na kung umumaga'y ipagugunita

Yaong pag-ibig mo na lubhang dakila.
Ang aking dalangin na sa iyo'y hibik,

Patnubayan ako sa daang matuwid.

Ako ay umasang 'yong isasanggalang,
Kaya iligtas mo ako sa kaaway.
Ikaw ang aking Diyos, ako ay turuan
Na aking masunod ang 'yong kalooban;
Ang Espiritu mo'y maging aking tanglaw
Sa aking paglakad sa ligtas na daan.

Ikaw ay nangakong ako'y ililigtas,
Pagkat dakila ka, iligtas mo agad;
Iligtas mo ako sa mga bagabag.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kung paanong si Jonas ay tatlong araw at tatlong gabing nasa tiyan ng dambuhalang isda, gayon din ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabing sasailalim ng lupa.

*Antipona 3*

Wasakin ang templong ito, wika ng Panginoon, at sa ikatlong araw ay muling itatayo ko. Ang templo ng kanyang katawan ang kanyang tinutukoy.

*Awit: Filipos 2:6-11*

*(Si Kristo, ang Banal na Lingkod ng Diyos)*

Bagama't siya'y Diyos, hindi nagpilit si Hesus
Na manatiling kapantay ng Diyos,

Bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos.
Nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.

Nang maging tao siya'y nagpakababa
At naging masunurin hanggang kamatayan,
Oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos,
At binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit,

Nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa,
Ay maninikluhod at sasamba sa kanya.
At ipahahayag ng lahat na si HESUKRISTO ANG
PANGINOON,
Sa ikararangal ng Diyos Ama.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Wasakin ang templong ito, wika ng Panginoon, at sa ikatlong araw ay muling itatayo ko. Ang templo ng kanyang katawan ang kanyang tinutukoy.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Pedro 1:18-21*

Alam ninyo kung ano ang itinubos sa inyo sa walang kabuluhang pamumuhay na inyong minana sa inyong mga magulang. Ang itinubos sa inyo'y di mga bagay na nasisira o nauubos, paris ng ginto o pilak, kundi ang buhay ni Kristong inihain sa krus. Siya ang Korderong walang batik at kapintasan. Itinalaga na siya ng Diyos sa gawaing ito bago pa nilikha ang daigdig, at alang-alang sa inyo, ipinahayag siya bago sumapit ang katapusan ng mga panahon. Dahil sa kanya, nanalig kayo sa Diyos na sa kanya'y bumuhay at nagparangal, anupat ang inyong pananampalataya at pag-asa ay nasa Diyos.

*Antipona*

Para sa ating kapakanan, si Kristo'y naging masunurin hanggang kamatayan, hanggang kamatayan sa krus. Kaya't siya'y itinampok ng Diyos sa kaitaasan at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Dinakila ang Anak ng Tao ngayon, at kasama niyang dinakila ang

Diyos na Panginoon.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Dinakila ang Anak ng Tao ngayon, at kasama niyang dinakila ang Diyos na Panginoon.

## Pangkalahatang Panalangin

Para sa ating kapakanan, ang ating Manunubos ay nagdanas ng kamatayan, inilibing at muling nabuhay. Buong puso't pagmamahal na atin siyang sambahin at ating idalangin:

— Panginoon, kaawaan mo kami.

Panginoong Hesus, nang inulos ng sibat ang iyong tagiliran, dumaloy ang dugo at tubig, ang kamanghamanghang simbolo ng buong Simbahan,
sa pamamagitan ng iyong pagpapakasakit, pagkamatay at pagkabuhay, dulutan ng buhay ang iyong Simbahan.

— Panginoon, kaawaan mo kami.

Panginoong Hesus, inalala mo ang mga hindi nakaalala sa iyong pangakong muling pagkabuhay,
alalahanin ang mga walang pag-asa, na hindi nalamang ika'y muling nabuhay.

— Panginoon, kaawaan mo kami.

Kordero ng Diyos, inialay ka bilang aming pampaskuwang handog para sa lahat ng tao,
akitin mo ang sangkatauhan sa iyo.

— Panginoon, kaawaan mo kami.

Panginoon ng buong sanlibutan, sakop mo ang sansinukob ngunit ninais mong mahimlay sa isang libingan,
palayain ang sangkatauhan mula sa kapangyarihan ng kadiliman, at ipagkaloob mo ang biyaya ng walang hanggang kaluwalhatian.

— Panginoon, kaawaan mo kami.

Kristong Anak ng Diyos na buhay, binuksan mo ang pintuan ng paraiso sa nagsisising magnanakaw,
tipunin mo ang lahat ng mga nakihati sa iyong kamatayan at libing sa kaluwalhatian ng iyong pagkabuhay.

— Panginoon, kaawaan mo kami.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,

Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
bumaba ang iyong bugtong na Anak
sa piling ng mga namatay
at muling nabuhay sa kaluwalhatian.
Sa iyong kabutihan, ibangon mo ang iyong sambayanan
na nalibing kasama niya noong sila'y binyagan
upang makapiling siya
sa walang hanggang buhay sa kalangitan.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA
*www.ebreviary.com*